SBS

# Media Release

5 October 2021




## Nais malaman ng SBS ang saloobin ng komunidad para mabisang maihatid ang mga programa at serbisyo ng Radyo SBS sa iba't-ibang wika

Bilang bahagi ng pangako ng SBS na patuloy nitong yayakapin ang pagbabago para masigurong matugunan ang napapanahong pangangailangan ng mga Australyano, sinimulan nito ang regular na pagsusuri ng lahat ng mga programang ibinahagi sa iba't-ibang wika na inilalabas sa Radyo SBS.

At ngayong  bukas na ang public consultation inaanyayahan ang lahat na makilahok at ibahagi ang kanilang opinyon sa inihandang selection criteria.

Ang SBS Language Services Review ay isang proseso na ginagawa kada limang taon batay sa pambansang Census, para masigurong ang inilalabas na mga programa ng Radyo SBS ay sumasalamin sa pamumuhay ng iba't-ibang komunidad sa Australia. Ang selection criteria ay gagamiting basehan kasabay ng 2021 Census data, para matukoy ang mga wikang bibigyang serbisyo, at tulungan na maging mabisang maiparating ang serbisyo sa susunod na limang taon.

Ang Language Services Review ay sumasaklaw sa audio at language content ng SBS na ipinapalabas sa pamamagitan ng radyo, SBS On Demand, podcasting at iba pang digital platforms.

Ang anim na linggong public consultation ay magsisimula ngayon at magtatapos sa Nobyembre 12, 2021. Ito'y isang mahalagang pagkakataon para sa mga komunidad na maka-ambag para sa mga pagbabago sa serbisyo ng Radyo SBS at ng network. Ang ibinahaging opinyon ay syang babalangkas sa paggawa ng selection criteria.

Ayon sa SBS Director for Audio and Language Content na si David Hua, "Ang SBS ay may natatanging kakayahan na abutin at pagdugtungin ang mga magkakaibang komunidad sa Australia sa pamamagitan ng paghahatid ng serbisyo para sa multikultural na komunidad sa buong bansa. Sa loob ng higit 45 na taon, patuloy tayong makikibagay sa mga pagbabago, para maibigay ang mahahalagang serbisyo sa komunidad at patuloy na mamamayagpag sa radyo, online, podcasts at apps sa higit 60 na wika. Ang pagsusuring ito ay makakatulong upang mahubog ang SBS tungo sa mas matagumpay na ika-50 na taon.

"Ang kahalagahan ng papel ng SBS multilingual services ay napatunayan sa panahon ng Covid-19 pandemic, matapos naging tulay para itawid ang updates at mahalagang impormasyon sa kalusugan sa buong komunidad gamit ang kani-kanilang wika. Ang Language Services Review ay isang mahalagang pagkakataon, upang masigurong mailarawan nito ang tunay na pangangailangan ng mga magkakaibang komunidad na bumubuo sa bansang Australia.

“Ang regular na pagbabago sa mga wikang ibinabahagi sa komunidad ay nagbibibigay-daan sa SBS para mapa-abot ang mas makabuluhang serbisyo sa mga komunidad na umusbong mula sa culturally at linguistically diverse (CALD) background. At higit sa lahat, tugunan ang mga pangangailangan ng mas mahihirap na komunidad. Kaya ang pagbibigay-boses ng madla, sa pamamagitan ng kanilang opinyon at saloobin ay isang importanteng paraan para maisakatuparan ang misyon sa buong Australia.”

Ang selection criteria ay tatapusin sa buwan ng Mayo taong 2022, habang ang mga pagbabago sa SBS language services ay ipapatupad bago matapos ang taong 2022.

Samantala, tatakbo ang public consultation para sa selection criteria sa ika-5 ng Oktubre hanggang ika-12 ng Nobyembre 2021. Para makita ang plano ng selection criteria at makapagbigay ng inyong saloobin o opinyon, bisitahin ang sbs.com.au/consultation.

End

Para sa karagdagang impormasyon at panayam, makipag-ugnayan kay:
Kate Warnock | kate.warnock@sbs.com.au | 0419 316 135